



COUNTY NG LOS ANGELES TAGAPAGREHISTRO-TAGAPAGTALA/ KLERK NG COUNTY

MAY BAYAD NA ORAS PARA BUMOTO

Ang mga Sentro ng Pagboto ay bukas ng hanggang 10 araw bago ang Araw ng Halalan sa pagitan ng mga oras na 10 AM hanggang 7 PM. Sa Araw ng Halalan, ang mga oras na ito ay pinalalawig hanggang 7 AM hanggang 8 PM.



Kung ikaw ay nakatakdang nasa trabaho sa panahong ito at wala kang sapat na oras sa labas ng mga oras ng trabaho para bumoto sa isang pambuong estadong halalan, pinapayagan ka ng batas ng California na maglaan ng hanggang dalawang oras na may bayad para bumoto, nang hindi nawawalan ng anumang suweldo.

Maaari kang kumuha ng mas maraming oras hangga't kailangan mong bumoto, ngunit dalawang oras lamang ng oras na iyon ang babayaran.

Ang iyong oras na may bayad para sa pagboto ay maaari lamang sa simula o katapusan ng iyong regular na rilyebo sa trabaho, alinman ang magbibigay ng pinakamaraming libheng oras para sa pagboto at ang pinakamababang oras ng pahinga mula sa iyong regular na relyibo sa trabaho, maliban kung gumawa ka ng isa pang pakikipag-ayos sa iyong tagapag-employo.

Kung sa tatlong araw ng trabaho bago ang halalan sa tingin mo ay kakailanganin mo ng oras na may bayad para bumoto, dapat mong ipaalam ito sa iyong tagapag-employo nang hindi bababa sa dalawang araw na may trabaho bago ang halalan.



COUNTY NG LOS ANGELES TAGAPAGREHISTRO-TAGAPAGTALA/ KLERK NG COUNTY

BAYAD NA ORAS PARA BUMOTO

PAUNAWA SA MGA TAGAPAG-EMPLEYO TUNGKOL SA ORAS NG EMPLEYADO PARA BUMOTO

Ang batas ng estado (Kodigo ng Halalan ng California seksyon 14001) ay nag-aatas sa mga tagapag-empleyo na mag-paskil ng paunawa sa kanilang mga empleyado na nagpapayo sa kanila ng mga probisyon para sa pagkuha ng may bayad oras para sa layunin ng pagboto sa mga halalan sa buong estado.

Ang pabatid na ito ay dapat na kitang-kitang maipaskil sa lugar ng trabaho, kung magagawa, o saanman kung saan ito makikita habang ang mga empleyado ay pumupunta at pumunta sa kanilang lugar ng trabaho, hindi bababa sa 10 araw bago ang bawat halalan sa buong estado.

Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa abisong ito o iba pang impormasyong nauugnay sa halalan, mangyaring makipag-ugnayan sa Hotline ng Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 345-VOTE (8683).

Ang mga empleyado ay karapat-dapat para sa may bayad na oras para sa layunin ng pagboto lamang kung wala silang sapat na oras sa labas ng oras ng trabaho para bumoto. Ang layunin ng batas ay magbigay ng pagkakataong bumoto para sa mga manggagawang hindi makakagawa nito dahil sa kanilang mga trabaho.

Bukas ang botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan.

Maaaring bigyan ang mga empleyado ng maraming oras hangga't kailangan nila upang makaboto, ngunit hanggang dalawang oras lamang ang binabayaran.

Maaaring hilingin ng mga tagapag-empleyo ang mga empleyado na magbigay ng paunang abiso na kakailanganin nila ng karagdagang oras ng para sa pagboto.

Maaaring mangailangan ang mga employer na kunin ang may bayad na oras lamang sa simula o sa katapusan ng relyibo ng empleyado.

KODIGO NG HALALAN NG CALIFORNIA SEKSYON 14000

Rev. 4/2022